

FREQUENTLY ASKED QUESTIONS

Social Amelioration Program - Emergency Subsidy Program (SAP-ESP)

Table of Contents

DETALYE NG PROGRAMA	5
1. Bakit ang Social Amelioration Program (SAP)?	5
2. Ano ang Social Amelioration Program (SAP)?	5
3. Anu-anong ahensya ang nagpapatupad ng Social Amelioration Program (SAP)?... 5	5
4. Ano ang ibinibigay na ayuda ng DSWD sa ilalim ng SAP?.....	5
5. Ano ang ayuda sa ilalim ng SAP-ESP?	5
6. Magkano ang cash assistance mula sa SAP-ESP?	6
7. Ilang buwan o beses makakatanggap ng ayuda mula sa SAP-ESP?	6
 BENEPISYARYO NG PROGRAMA.....	6
8. Lahat ba ng pamilya ay makakatanggap ng ESP?	6
9. Ilang pamilya ba ang makakatanggap ng ayuda mula sa SAP-ESP?	6
10. Sinu-sino ang mga kwalipikadong makatanggap ng SAP-ESP?	6
11. Paano kung sa isang pamilya ay may senior citizen, PWD o buntis, lahat ba ay makakatanggap?.....	6
12. Senior Citizen, PWD, solo parent o buntis ako, hindi ba ako kasali?	6
13. Nangungupahan lang kami. Hindi kami botante dito sa barangay namin. Hindi ba kami pwede?	7
14. Maaari bang makita ang listahan ng mga makakatanggap ng SAP-ESP?.....	7
15. Lahat naman ay apektado, bakit pinipili niyo lang ang binibigyan ninyo?	7
16. Kwalipikado naman ako (mahirap din ako), bakit hindi ako kasali?.....	7
17. Construction worker ako na na-stranded sa Maynila at nasa probinsya ang aking pamilya, kasali ba ako?.....	7
18. Maaari bang mabigyan ng tulong pinansyal sa ilalim ng SAP-ESP ang mga tanod, Barangay Health Workers, Barangay Nutrition Scholars at Day Care Workers?	8
19. Sinu sino ang mga hindi kabilang na kwalipikado sa SAP-ESP?	8
20. Bakit hindi maaring makatanggap ng ng SAP-ESP kung empleyado ng pamahalaan?.....	8
21. Bakit kasali sa ‘excluded’ sa SAP-ESP ang mga empleyado ng Pribadong Sektor o mga nasa Formal Economy kahit No work, No Pay?.....	8
 PROSESO NG PROGRAMA.....	9
22. Paano makakarating ang SAP-ESP sa mga hindi benepisyaryo ng Pantawid Pamilya Pilipino Program (4Ps)?	9
23. Paano makakarating ang SAP-ESP sa mga napapabilang sa 4Ps, sa mga drayber ng TNVS at PUVs, at sa mga kwalipikadong pamilya sa BARMM?	9

24.	Ano ang mga mahahalagang tungkulin ng DSWD at LGU sa distribusyon ng SAP-ESP?	9
25.	Paano at saan ipamimigay ang SAP-ESP para sa mga hindi napapabilang sa 4Ps? .	9
26.	Sino ang gagawa ng listahan ng mga benepisyaryo ng ESP?	10
27.	Bakit nilagpasan kami ng naglilista?	10
28.	Gaano katagal ang pag-a-assess ng mga LGU at Barangay?	10
29.	Paano ko matatanggap ang ayuda?	10
30.	Kailan ko matatanggap ang ayuda?	10
31.	Kung kasali ako, paano ko malalaman kung kailan ang pamamahagi ng SAP-ESP?	10
32.	Bakit ang tagal dumating ng ayuda?	11
33.	Mayroon bang ginawang hakbang upang mapapabilis ang proseso ng pagbibigay ng ayuda?	11
34.	Ilang beses makakatanggap ng ayuda?	11
35.	Pwede bang hatiin ang ayuda para mas marami ang mabigyan?	11
36.	Paano kung wala ako na maipakita na ID sa panahon ng pagsasagawa ng payout o distribusyon ng ayuda?	11
SOCIAL AMELIORATION CARD (SAC)		11
37.	Ano and SAC Form?	11
38.	Mayroong binigay sa akin na form pero photocopy lamang. Tama ba ito?	12
39.	Kada isang pamilya o bahay ba ay mabibigyan ng SAC form?	12
40.	Paano kung sa isang bahay, dalawang pamilya kami?	12
41.	Paano kung nabigyan ka ng SAC form ngunit hindi ka kwalipikado sa ayuda?	12
42.	Maari bang mag-apply sa DSWD para maisama sa lista sa makakatanggap ng SAP-ESP?	12
BALIDASYON NG MGA TUMANGGAP NG AYUDA		12
43.	Meron bang ginagawang balidasyon and DSWD upang matiyak na kwalipikado ang pamilya at hindi ba nakakabagal ito sa proseso ng pagbibigay ng ayuda?	12
44.	Ano ang layunin ng balidasyon ng DSWD kung tapos na ang papagbibigay ng ayuda?	13
45.	Paano kung makitang hindi karapat dapat o may duplikasyon sa subsidiya?	13
PROSESO PARA SA HINAING SA PROGRAMA		13
46.	Paano kung sa aking palagay ay kwalipikado ako sa programa ngunit di ako nakasama, ano ang gagawin?	13

SAP-ESP FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (April 30, 2020)

- 47. Kung hindi ka kasamang nabigyan ng ayuda sa pamamagitan ng SAP-ESP, may maaasahan ka pa bang tulong mula sa pamahalaan? 13
- 48. Paano ang gagawin sa mga nakalista na hindi kwalipikado? 13
- 49. Ano ang mga parusahang ipapatawa ng mga kawani ng barangay na inuuna sa pagbibigay ng ayuda ang kanilang pamilya, kamag-anak, kapitbahay o kaalyado na hindi naman kwalipikado? 14
- 50. Kung may iba pa akong katanungan, saan ako maaaring dumulog o tumawag? . 14

MGA HALIMBAWA NG KALAGAYAN NG PAMILYA PARA SA SAP-ESP 15

PINAGHALAWAN..... 16

DETALYE NG PROGRAMA

1. Bakit ang Social Amelioration Program (SAP)?

Dahil sa seryosong banta ng COVID 19 sa kalusugan, kaligtasan, seguridad at buhay ng mga mamamayan, ang pamahalaan ay nagpatupad ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) para mapagaan kung di man kayang sugpuin ang paglaganap ng COVID-19. Ang ECQ ay nagdulot ng di magandang epekto sa hanapbuhay at kasiraan sa mga aktibidad ng ekonomiya. Upang makabangon ang ating bansa sa pandemic na ito, kailangan and bayanihan o pagtutulungan ng bawat isa. Ang pamahalaan at mga pribadong sector at mga stakeholders ay magkatuwang sa paghatid ng social amelioration program at seguridad para sa lahat ng mga apektadong sector lalong-lalo na ang mga maralita at mga lubos na nangangailangan.

2. Ano ang Social Amelioration Program (SAP)?

Ang Social Amelioration Program (SAP) ay isang pangangalagang panlipunang programa at hakbang ng iba't ibang ahensya ngpamahalaan (inter-agency measure) upang makatulong na mapagaan ang epekto sa lipunan at kabuhayan ng krisis-pangkalusugan na COVID-19 at mga panuntunang ipinatutupad ng enhanced community quarantine (ECQ) (R.A. No. 11469 o "Bayanihan to Heal as One Act" at JMC No. 1 Series of 2020).

3. Anu-anong ahensya ang nagpapatupad ng Social Amelioration Program (SAP)?

Kabilang sa mga ahensyang ito ay ang DSWD, Department of Labor and Employment (DOLE), Department of Trade and Industry (DTI), Department of Agriculture (DA) at Department of Finance (DOF) (Bayanihan Act at JMC No. 1 Series of 2020).

Katuwang o nagbibigay rin ng tulong ang Department of Budget and Management (DBM), Department of Finance (DOF), at ang Department of Interior and Local Government (DILG) sa pagpapatupad ng SAP.

4. Ano ang ibinibigay na ayuda ng DSWD sa ilalim ng SAP?

Ang Emergency Subsidy Program (ESP) ang tawag sa ayudang nasa ilalim ng SAP na ipinatutupad ng DSWD sa panahon ng ECQ sa pakikipagtulungan sa Local Government Units (LGUs) o mga lokal na pamahalaan mula panlalawigan hanggang sa barangay. (JMC No. 1, Series of 2020; Definition of Terms #5, 5.1 at MC 9, Series of 2020, Section V).

5. Ano ang ayuda sa ilalim ng SAP-ESP?

Ito ay ang cash assistance o ayuda ng pamahalaan na tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng pamilya katulad ng pagkain, gamot at iba pa dulot ng ECQ upang mapanatili ang kanilang kaligtasan at kalusugan laban sa banta ng COVID-19. Maaaring makatangap ang mga kwalipikadong pamilya ng mula P5,000 hanggang P8,000

depende sa kasalukuyang umiiral na regional wage rates (JMC No. 1, Series of 2020; Definition of Terms #5, 5.1 at MC 9, Series of 2020, Section V).

6. Magkano ang cash assistance mula sa SAP-ESP?

Ang bawat kwalipikadong pamilya ay makakatanggap ng P5,000 hanggang P8,000. Ang halagang ito ay nakabatay sa minimum wage ng isang rehiyon (JMC No. 1, Series of 2020; Definition of Terms #5, 5.1).

7. Ilang buwan o beses makakatanggap ng ayuda mula sa SAP-ESP?

Dalawang buwan, o dalawang beses, makakatanggap ng ayuda ang mga kwalipikadong pamilya na nsa ilalim ng ECQ. Ito ay mula buwan ng Abril at Mayo 2020 (MC 9, Series of 2020).

BENEFISYARYO NG PROGRAMA

8. Lahat ba ng pamilya ay makakatanggap ng ESP?

Hindi. Ang ESP-SAP ay nilikha para sa mga low-income o mahihirap na pamilya na napapabilang sa informal sector at mga pamilyang may miyembro ng bulnerableng sektor (MC 9, Series of 2020, Section VI-A).

9. Ilang pamilya ba ang makakatanggap ng ayuda mula sa SAP-ESP?

Nakasaad sa Bayanihan Act na 18 milyong low income na pamilya na pinaka-apektado ng ECQ ang bibigyan ng ayuda ng pamahalaan (Bayanihan Act, Section 4c)

10. Sinu-sino ang mga kwalipikadong makatanggap ng SAP-ESP?

Kwalipikado ang mga mahihirap na pamilyang pinaka-naapektuhan ng ECQ. Sila dapat ay nasa impormal na sektor at nawalan ng pagkakakitaan dahil sa ECQ. Kwalipikado rin ang mga pamilyang nasa impormal na sektor na may miyembro na kabilang sa bulnerableng sektor gaya ng Senior Citizens, Persons with Disability (PWDs), Indigenous Peoples (IPs) atbp. Kwalipikado rin ang street dwellers o mga walang tirahan (MC 9, Series of 2020, Section VI-A).

11. Paano kung sa isang pamilya ay may senior citizen, PWD o buntis, lahat ba ay makakatanggap?

Hindi. Bawat kwalipikadong pamilya ay nasa P5,000 – P8,000 lang ang matatanggap na ayuda. Ang ayuda ay para sa pamilya at hindi para sa indibidwal.

12. Senior Citizen, PWD, solo parent o buntis ako, hindi ba ako kasali?

Pamilya ang ginagawang batayan ng assessment at hindi indibidwal. Dumulog sa inyong barangay o LGU, sabihin ang inyong kalagayan upang ma-assess ang inyong kwalipikasyon base sa itinakdang guidelines (MC 9, Series of 2020, Section VI-A, No. 3-d).

13. Nangungupahan lang kami. Hindi kami botante dito sa barangay namin. Hindi ba kami pwede?

Ang SAP ay program ng pambansang pamahalaan at pondo nito na inilaan para sa ESP ay mula rin sa pambansang pamahalaan at hindi ng LGUs. Hindi usapin dito kung saan ka naka-rehistro bilang botante. Usapin ito ng kung saan ka inabutan ng ECQ (MC 9 Series of 2020, Section VI-A).

14. Maaari bang makita ang listahan ng mga makakatanggap ng SAP-ESP?

Naglabas ang DILG ng pahayag na dapat ipaskil o i-post ang mga pangalan ng kwalipikadong benepisyaryo ng SAP-ESP upang masiguro na transparent ang pagpapatupad ng programa. Maaaring magtanong ng listahan sa Barangay o sa LGU. Isinasaayos na din ng DSWD na mailagay sa webpage nito sa [dswd.gov.ph](https://www.dilg.gov.ph/news/DILG-to-Punong-Barangays-Post-list-of-SAP-beneficiaries-in-barangay-hall-for-transparency/NC-2020-1100) ang link ng listahan ng mga nakatanggap na ng ayuda. (<https://www.dilg.gov.ph/news/DILG-to-Punong-Barangays-Post-list-of-SAP-beneficiaries-in-barangay-hall-for-transparency/NC-2020-1100>).

15. Lahat naman ay apektado, bakit pinipili niyo lang ang binibigyan ninyo?

Ang lahat ay apektado ng ECQ. Ang lahat ay nais tulungan ng pamahalaan ngunit ang pamamahagi ay base sa lebel ng pangangailangan. Kung kaya't ang inyong pagbibigayan at labis na pang-unawa ay higit na kailangan sa panahon ngayon.

Ang SAP-ESP ay hindi lamang ang tanging ayuda ng pamahalaan. Ito ay tulong lamang ng pamahalaang pambansa sa LGUs. May iba pang programa at serbisyo ang barangay, LGUs at iba pang ahensya para sa lahat.

16. Kwalipikado naman ako (mahirap din ako), bakit hindi ako kasali?

Dalawa ang maaaring dahilan. Una, hindi ka kwalipikado sa DSWD ngunit kwalipikado ka sa mga programa ng ibang ahensya (halimbawa: "No work no pay" sa isang pribadong kumpanya, kung saan ang ayuda ay manggagaling sa DOLE). Pangalawa, napuno na ang paunang listahan ng mga kwalipikadong mga mahihirap na pamilya. Alinman sa dalawa ang dahilan, maaari kayong umapela sa inyong LGUs upang ma-assess ang inyong pangangailangan. Maaring i-rerefer kayo sa akmang ahensya o i-eendorso kayo sa DSWD (MC 9 Series of 2020, Section VII at Section XII).

17. Construction worker ako na na-stranded sa Maynila at nasa probinsya ang aking pamilya, kasali ba ako?

Hindi ka maaaring makatanggap ng SAP-ESP sapagkat ang assessment ng kwalipikasyon sa SAP ay per pamilya at hindi indibidwal. Maaari ring mabigyan ng SAP ang iyong pamilya sa probinsya kung saan ka nakatira kung sila ay kwalipikado.

Magkagayun man, may ibang serbisyo na maaring ibigay ang pamahalaan para sa mga stranded na construction workers sa katulad ng pagbibigay ng food packs, transportation assistance, atbp. (MC 9 Series of VI-A-I).

18. Maaari bang mabigyan ng tulong pinansyal sa ilalim ng SAP-ESP ang mga tanod, Barangay Health Workers, Barangay Nutrition Scholars at Day Care Workers?

Sila ay maaaring mapabilang sa mga maaaring ikunsidera ng lokal na pamahalaan para sa tulong pinansyal kung sila ay:

- a. Kabilang sa mahirap o impormal na sektor;
- b. Walang ibang pinagkukunan ng kabuhayan maliban sa pagiging boluntaryong trabahante ng barangay o lokal na pamahalaan, at;
- c. Sila lamang ang mag-isang taga-pagtaguyod ng pamilya.

(Memorandum From the Secretary, dated April 17, 2020, regarding the Inclusion of BHWs, Tanods and BCWs as Target Beneficiaries of the Social Amelioration Programs; April 20 DSWD EXECOM meeting regarding the inclusion of BNS).

19. Sinu sino ang mga hindi kabilang na kwalipikado sa SAP-ESP?

Ayon sa mga alituntunin na inilabas ng DSWD, ang mga sumusunod ay hindi kasama sa mga maaaring tumanggap ng ayuda sa ilalim ng SAP-ESP:

- a. Mga halal at itinalagang mga opisyal at kawani ng gobyerno kahit ano man ang status ng kanilang employment (Permanent, Casual, Contractual, Cost of Service, Job Order);
- b. Mga empleyado sa Pribadong Sektor o nasa Formal Economy na maaaring sumasahod;
- c. Mga indibidwal na retired na at nakakatanggap ng pensyon (Gaano man kaliit o kalaki ang pensyon); at
- d. Mga indibidwal na may kapasidad na pinansyal upang masuportahan ang kanilang pamilya (MC 9 Series of 2020, Section VI-B).

20. Bakit hindi maaring makatanggap ng ng SAP-ESP kung empleyado ng pamahalaan?

Kahit may miyembro na nasa informal economy o bulnerableng sektor, sila ay hindi napapabilang sa higit na prioridad dahil patuloy ang kanilang sahod sa panahon ng ECQ (MC 9 Series of 2020, Section VI-B).

21. Bakit kasali sa 'excluded' sa SAP-ESP ang mga empleyado ng Pribadong Sektor o mga nasa Formal Economy kahit No work, No Pay?

Sila ay hindi kabilang sapagkat mayroon ang Department of Labor and Employment (DOLE) na programang tinatawag na CAMP o COVID-19 Adjustment Measures Program na naglalayong magbigay ng pinansiyal na tulong sa mga nagtatrabaho sa pribadong sektor na may reduction o walang kita dahil sa ECQ (DOLE Department Order No. 209 Series of 2020 at MC 9, Series of 2020, Section VII).

Sa kabilang banda, ang SAP-ESP naman ay naglalayong tulungan ang mga nasa impormal na sektor at makokonsiderang poorest of the poor (MC 9 Series of 2020, Section VI-A).

PROSESO NG PROGRAMA

22. Paano makakarating ang SAP-ESP sa mga hindi benepisyaryo ng Pantawid Pamilya Pilipino Program (4Ps)?

- a. Inilipat ng DBM ang paunang pondo sa DSWD;
- b. Ibinaba ng DSWD Central Office ang pondo sa DSWD Field Offices (NCR, CAR, I-XII, CARAGA);
- c. Ibinaba ng DSWD Field Offices ang pondo sa LGUs; at panghuli
- d. Ang LGUs ang magsasagawa ng distribusyon ng ayuda sa mga kwalipikadong low-income na pamilya na pinakaapektado ng ECQ.

23. Paano makakarating ang SAP-ESP sa mga napapabilang sa 4Ps, sa mga drayber ng TNVS at PUVs, at sa mga kwalipikadong pamilya sa BARMM?

- a. Inilipat ng DBM ang paunang pondo sa DSWD;
- b. Ibinaba ng DSWD Central Office ang pondo sa:
 - Landbank diresto sa cash card ng mga benepisyaryo ng 4Ps;
 - Landbank para iproseso ang pagbibigay sa mga TNVS at PUV drivers sa pangangasiwa ng DOT; at sa
 - BARMM upang diretsong maipamahagi sa mga kwalipikadong pamilya sa nasasakupan nito (MC 5, Series of 2020; MC 9, Series of 2020, Section VIII B).

24. Ano ang mga mahahalagang tungkulin ng DSWD at LGU sa distribusyon ng SAP-ESP?

- a. Ang LGU ang nagsasagawa ng distribusyon ng ayuda sa mga kwalipikadong low-income na pamilya na pinaka-apatado ng ECQ; at
- b. Ang DSWD ay magsusuri o magsasagawa ng tinatawag na validation sa loob ng labing-limang araw matapos ang pamamahagi ng ayuda ng LGUs upang matiyak kung karapat-dapat ang mga nabigyan ng ayuda o hindi higit sa isang beses tumanggap ng tulong ang pamilyang nabigyan ng ayuda.

25. Paano at saan ipamimigay ang SAP-ESP para sa mga hindi napapabilang sa 4Ps?

- a. Para sa mga non-4Ps na pamilya, ang implementasyon ng DSWD sa SAP-ESP ay sa pamamagitan ng LGUs;

- b. Ang katuwang na LGUs ang magbibigay ng Social Amelioration Program Cash grant sa mga kwalipikadong pamilya;
- c. Ito ay sa pamamagitan ng pagbabahay-bahay o sa stratehiya ng local na pamahalaan, na may ibayong pagsunod sa mga patakaran ukol sa pagsusuot ng mask, paggamit ng alcohol at pagobserba sa itinakdang social distancing.

26. Sino ang gagawa ng listahan ng mga benepisyaryo ng ESP?

Ang LGUs ang gagawa ng listahan ng mga benepisyaryo base sa kanilang assessment ng mga pamilyang kwalipikado sa programa. Bagamat nagbibigay ang DSWD ng listahan ng mga mahihirap hango sa listahan ng mga Tahanang Nangangailangan o Listahanan database ng ahensya, ito ay batayan lamang ng mga posibleng benepisyaryo na isasailalim pa din sa hiwalay na pagsusuri ng LGUs (MC 7, Series of 2020, Section C at MC 8, Series of 2020).

27. Bakit nilagpasan kami ng naglilista?

Marahil base sa rapid assessment nila, kayo ay hindi kwalipikado. Kung sa tingin ninyo ay mali sila, dumulog sa tanggapan ng konseho ng barangay o sa LGU at sabihin ang inyong kalagayan upang kayo ay ma-assess (MC 9 Series of 2020, Section XII).

28. Gaano katagal ang pag-a-assess ng mga LGUs at Barangay?

Depende sa bilang ng mga naninirahan sa barangay at depende na rin sa kooperasyon ng mga mamamayan.

29. Paano ko matatanggap ang ayuda?

Dalawang paraan ang pwedeng piliin ng LGUs: una ang Direct Pay-out o House-to-house at distribution point pay-out scheme. Kung Direct Pay-out, manatili sa inyong bahay dahil ang itinalagang pinuno, taga-pagtala o distribution team ang pupunta sa inyo. Kung distribution point, manatili sa inyong bahay, bibigyan kayo ng itinalagang pinuno, taga-pagtala o distribution team ng hudyat kung anong oras kayo naka-schedule na pumunta sa itinakdang distribution area. Bawal pumunta ng mas maaga sa itinakdang oras. Anumang paglabag sa social distancing ay magiging sanhi ng pagkahinto ng SAP-ESP distribution (MC 9 Series of 2020, Section VIII).

30. Kailan ko matatanggap ang ayuda?

Ang pondo para sa ayuda ay naibaba na ng DSWD sa LGUs. Ang LGUs naman ay nagsimula nang mamahagi ng ESP kada barangay kasama ang DSWD at PNP/AFP. Ang itinalagang pinuno, taga-pagtala o distribution team sa inyong barangay ang magsasabi sa bawat kwalipikadong pamilya ng iskedyul ng pagbibigay ng ayuda (MC 9, Series of 2020, Section VIII.B).

31. Kung kasali ako, paano ko malalaman kung kailan ang pamamahagi ng SAP-ESP?

Magbibigay ng pabatid o impormasyon ang konseho ng barangay ninyo o mga itinalagang assessors sa inyong barangay (MC 9 Series of 2020, Section X).

32. Bakit ang tagal dumating ng ayuda?

Nanghihingi kami ng pang-unawa at pasensya sapagkat limitado ang manpower ng pambansa at mga lokal na pamahalaan na nagtutulong tulong upang ibigay sa libo at daang-libong mga mamamayan ng isang lungsod o munisipalidad.

33. Mayroon bang ginawang hakbang upang mapapabilis ang proseso ng pagbibigay ng ayuda?

Naglabas ang DSWD ng Omnibus Guidelines na nagsasaad na ang paglilista ay gagawin ng LGUs bilang basehan ng payroll. Bukod dito, ang LGUs kabilang ang mga barangay ay may mga kanya-kanyang listahan ng kanilang mga nasasakupan na maaari nilang magamit upang mas mapabilis ang pagsasapinal ng listahan ng dapat makatanggap ng ayuda.

34. Ilang beses makakatanggap ng ayuda?

Dalawang beses. Ang pagbabahagi ay buwanan mula Abril hanggang Mayo taong 2020 para sa mga kwalipikadong pamilya na nasa ilalim ng ECQ. (MC 9 Series of 2020, Section IV – D).

35. Pwede bang hatiin ang ayuda para mas marami ang mabigyan?

Hindi pinapayagan ng batas ang paghahati sa ayuda. Ang halaga ng ayuda ay base sa minimum wage ng isang manggagawa sa rehiyon. Ito ay maaaring kulang o sasapat lamang sa pangunahing pangangailangan ng isang mahirap na pamilya. Isumbong sa DILG ang sapilitang paghahati o pagbabawas ng ayuda (MC 9 Series of 2020, Section IV – D).

36. Paano kung wala ako na maipakita na ID sa panahon ng pagsasagawa ng payout o distribusyon ng ayuda?

Maliban sa ID, maaaring mag-isyu ang punong barangay ng sertipikasyon o patunay na ang tatanggap ng ayuda ay residente ng kaniyang barangay at nangangailangan ng ayuda dahil lubos na naapektuhan ng ECQ (MC 9 Series of 2020, Section VII-A1).

SOCIAL AMELIORATION CARD (SAC)

37. Ano ang SAC Form?

Ito ay isang form na may barcode at serial number na pinamamahagi sa mga barangay upang makuha ang profile ng mga pamilya at mamonitor ang pagbibigay ng ayuda ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan sa ilalim na SAP.

38. Mayroong binigay sa akin na form pero photocopy lamang. Tama ba ito?

Hindi. Tanging ang Barcoded SAC Form lang ang maituturing na katanggap-tanggap o valid sapagkat ito ay may unique barcode (MC 9 Series of 2020, Section IV-H).

39. Kada isang pamilya o bahay ba ay mabibigyan ng SAC form?

Hindi lahat ay bibigyan ng SAC. Ang bibigyan lang ay mga pamilya na may miyembro na Informal Economy Worker o napapabilang sa bulnerableng sektor at bibigyan ng prayoridad ang mga maliit ang kita at pinaka-apektado ng krisis (MC 9 Series of 2020, Section C).

40. Paano kung sa isang bahay, dalawang pamilya kami?

Kada-pamilya ang bilangan - hindi kada-indibidwal. Ngunit ang (mga) kwalipikadong pamilya lamang ang mabibigyan ng Social Amelioration Card (SAC) (MC 9 Series of 2020, Section VI-A).

41. Paano kung nabigyan ka ng SAC form ngunit hindi ka kwalipikado sa ayuda?

Maaaring ibalik ang SAC form sa inyong Barangay o sa LGU kung ikaw man ay nakatanggap ngunit sa tingin mo ay hindi kwalipikado ang iyong pamilya dahil:

- a. hindi kayo maituturing na low-income family na kabilang sa impormal na sektor;
- b. ang inyong kabahayan ay mayroong miyembro ng 4Ps;
- c. ang kahit isa sa miyembro ng niyong pamilya ay nakatanggap na ng ibang ayuda mula sa programa ng ibang ahensya ng gobyerno; at
- d. dahil sa iba pang kadahilanan (MC 9 Series of 2020, Section VIII-B).

42. Maari bang mag-apply sa DSWD para maisama sa lista sa makakatanggap ng SAP-ESP?

Hindi kailangan mag apply para makakuha ng SAP-ESP. Ang mga kawani ng mga barangay ang mismo mag-iikot para mag-lista at mamahagi ng SAC sa mga kwalipikadong mga pamilya.

BALIDASYON NG MGA TUMANGGAP NG AYUDA

43. Meron bang ginagawang balidasyon and DSWD upang matiyak na kwalipikado ang pamilya at hindi ba nakakabagal ito sa proseso ng pagbibigay ng ayuda?

Ang ginagawang balidasyon ng DSWD ay pagkatapos matanggap ng pamilya ang ayuda o ang “payout now, validation later” kung kaya hindi nakakabagal ang balidasyon na gagawin dahil tapos na ang pagbibigay ng ayuda para sa unang buwan (MC 9 Series of 2020, Section VIII-B).

44. Ano ang layunin ng balidasyon ng DSWD kung tapos na ang papagbibigay ng ayuda?

Ang balidasyon na gagawin matapos ang pagbibigay ng ayuda ay naglalayong suriin kung karapat-dapat ang benepisyaryo o walang duplikasyon o hindi hihigit sa isang beses tumanggap ng tulong ang pamilya mula sa DSWD at sa ibang pang ahensya na inatasang magpatupad ng hiwalay na tulong sa ilalim ng SAP (MC 9 Series of 2020, Section VIII-B).

45. Paano kung makitang hindi karapat dapat o may duplikasyon sa subsidiya?

- a. Magkakaroon ng imbestigasyon upang mapag-aralan ang karampatang aksyon; at
- b. Hindi na muling makatanggap sa susunod na payout (MC 9 Series of 2020, Section VIII-B).

PROSESO PARA SA HINAING SA PROGRAMA

46. Paano kung sa aking palagay ay kwalipikado ako sa programa ngunit di ako nakasama, ano ang gagawin?

Ang mga pamilyang hindi kabilang sa diskwalipikadong pamilya na hindi napabilang sa mga nakatanggap ng ayuda sa anumang kadahilanan ay mayroong tatlong araw (calendar days) mula sa distribusyon ng subsidiya sa barangay upang manghingi ng rekonsiderasyon sa Provincial/City/Municipal Social Welfare Development Office (P/C/MSWDO) upang maibilang sila sa listahan ng mga kwalipikadong pamilya. Ang mga tanggapan ng P/C/MSWDOs ay maaaring nasa kapitolyo ng mga pamahalaang panlalawigan, lungsod at munisipalidad sapagkat ay mga ito ay nasa ilalim ng mga lokal na pamahalaan at hindi sa DSWD (MC 9 Series of 2020, Section XII).

47. Kung hindi ka kasamang nabigyan ng ayuda sa pamamagitan ng SAP-ESP, may maaasahan ka pa bang tulong mula sa pamahalaan?

Kung sa tingin ng LGUs ay mayroong naiwan na mga karapat-dapat na mapabilang sa programa (o tinatawag na left out beneficiaries o families), maaaring ilista ang mga pamilya para ma-endorso sa DOF at DBM upang mapag-aralan kung paano mabibigyan ng kaukulang pondo.

48. Paano ang gagawin sa mga nakalista na hindi kwalipikado?

Kung tapos na ang distribusyon ng ayuda, hindi na sila muling makatanggap sa susunod na payout. Nakasaad din sa Memorandum of Agreement (MOA) ng DSWD at LGUs na kung may mga hindi kwalipikadong pamilya na nabigyan ng ayuda, kailangang ibalik ng LGUs ang ayudang nauna ng naibigay (MC 9, Section VIII (B), No. 6.1).

49. **Ano ang mga parusahang ipapataw sa mga kawani ng barangay na inuuna sa pagbibigay ng ayuda ang kanilang pamilya, kamag-anak, kapitbahay o kaalyado na hindi naman kwalipikado?**

Maari silang sampahan ng administratibo, sibil at criminal na mga kaso, at pwede ding matanggal sa posisyon (Bayanihan Act, Section 6).

50. **Kung may iba pa akong katanungan, saan ako maaaring dumulog o tumawag?**

Maaari rin kayong tumawag sa DSWD Central Office- Operations Center sa 24/7 hotline na numero 16545 o mag-email sa sapgrievance@dswd.gov.ph. Maari ring tumawag/mag-text/sumangguni sa DSWD Field Office na nakakasakop sa inyong lugar.

Approved by:



CAMILO G. GUDMALIN

Undersecretary Special Concerns and
Head, SAP Strategic Communications Group

MGA HALIMBAWA NG KALAGAYAN NG PAMILYA PARA SA SAP-ESP

KALAGAYAN NG PAMILYA	Kwalipikado (✓) Hindi Kwalipikado (X)
Mahirap na pamilya na may miyembro na nagtatrabaho sa gobyerno (halimbawa teacher, social worker o admin staff) ano man ang employment status.	X
Mahirap na pamilyang may buwanang pensyon.	X
Mahirap na pamilya pero nakakapagtinda pa rin sa palengke.	X
Mahirap na pamilya pero may miyembro na nagtatrabaho pa rin sa panahon ng ECQ (halimbawa: Security Guard, Fast-food crew)	X
Mahirap na pamilya. Walang pinagkakakitaan sa panahon ng ECQ ngunit may miyembro na no work no pay sa isang pribadong kumpanya.	X (refer to DOLE)
Mahirap na pamilya ng PWD/Solo Parent na nagtatrabaho sa pribadong kumpanya (no work no pay).	X (refer to DOLE CAMP)
Mahirap na pamilya. Nakatira sa kalsada.	✓
Mahirap na pamilya. Tricycle driver na natigil sa pamamasada dahil sa ECQ. Kasama ang senior citizen na magulang.	✓
Mahirap na pamilya. Solo Parent na kasambahay na natigil sa trabaho dahil sa ECQ.	✓
Mahirap na pamilya. Dalawang senior citizen na walang katuwang sa buhay.	✓
Mahirap na pamilya. Nagsara ang sari-sari store. May miyembro na may karamdaman o maintenance na gamot.	✓
Mahirap na pamilya. Street vendor na nawalan ng pagkakakitaan. Nangungupahan at hindi botante sa barangay kung saan siya nangungupahan.	✓
Construction worker na na-stranded sa Maynila ngunit nasa probinsya ang pamilya.	X
OFW ang asawa at nasa abroad pero hindi makapagtrabaho sapagkat lockdown din doon, walang padala sa pamilya sa Pilipinas.	X (refer to DOLE-AKAP Cash Assistance)
OFW. Na-stranded at hindi makaalis ng bansa. Hindi mahirap.	X

(MC 9 Series of 2020, Section VI-A and VI-B)

SAP-ESP FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (April 30, 2020)

PINAGHALAWAN:

Republic Act No. 11469	Bayanihan to Heal As One Act
Joint Memorandum Circular No. 1 Series of 2020	Special Guidelines on the Provision of Social Amelioration Measures by the DSWD, DOLE, DTI, DA, DOF, DBM and DILG to the most affected residents of the areas under Enhanced Community
Memorandum Circular No. 4 Series 2020	Special Guidelines on the Provision of Social Amelioration Measures by the Department of Social Welfare and Development to the Most Affected Residents of the Areas Under Community Quarantine and Continuation of the Implementation of the Social Pension for Indigent Senior Citizens and the Supplementary Feeding Programs
MC 005, s.2020	Supplemental Guidelines to Memorandum Circular No. 04 Series of 2020 on the Provision of Social Amelioration Measures by DSWD
MC 006, s.2020	Supplemental Guidelines for the Memorandum Circular No. 04 Series of 2020 on the Provision of Social Amelioration Measures by DSWD to Provide Further Guidance on the Provision of Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) to the Most Affected Residents of the Areas under Community Quarantine
MC 007, s.2020	Amendment and Supplemental Guidelines to Pertinent Provisions of Memorandum Circular Nos. 04, 05 and 06 Series of 2020
MC 008, s.2020	Simplified Data Sharing Guidelines on the Provision of DSWD Programs and Services During a National State of Emergency
MC 009, s.2020	Omnibus Guidelines in the Implementation of the Emergency Subsidy Program of the Department of Social Welfare and Development
MC 010, s.2020	Amendments to Memorandum Circular No. 05 series of 2020 on the Provision of Social Amelioration to Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4ps) Households
Department Order No. 209 Series of 2020 of DOLE	COVID-19 Adjustment Measures Program (CAMP)
Memorandum From the Secretary dated April 17, 2020	Inclusion of Barangay Health Workers (BHW), Barangay Tanods and Barangay Day Care Workers as Target Beneficiaries of the Social Amelioration Programs
Letter for DILG	Inclusion of Barangay Nutrition Scholars as Target Beneficiaries of the Social Amelioration Programs